


1

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 8: Paggamit ng Karaniwang Ekspresyon at Magalang na Pananalita



**MTB - MLE – Unang Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 8: Paggamit ng Karaniwang Ekspresyon at Magalang
na Pananalita**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Ronald L. Bacani

Editor: Abraham S. Gamal, Mariel Gloria B. Ojos, Jun-Jun R. Ramos
Mark-Jhon R. Prestoza, James D. Pamittan

Tagasuri: Mariel Gloria B. Ojos, Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Tagaguhit: Daisy F. Aquino

Tagalapat: Daisy F. Aquino

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas

Jessie L. Amin

Octavio V. Cabasag

Rizalino G. Caronan

James D. Pamittan

Romel B. Costales

Rodrigo V. Pascua

Marietess B. Baquiran

Maria Cristina A. Acosta

Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500

Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728

E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 8:
Paggamit ng Karaniwang
Ekspresyon at Magalang na
Pananalita

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit.

Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay inihanda at isinulat para malinang ang inyong kakayahan sa pagtuturo ng *Mother Tongue* sa unang baitang. Malalaman mo rito ang karaniwang ekspresyon at tamang paggamit ng magalang na pananalita.


Sa pagtatapos ng modyul na ito ay inaasahang magagamit ang karaniwang ekspresyon at magalang na pananalita.




Subukin

Pagmasdan nang mabuti ang mga larawan sa ibaba at sabihin kung ano ang ipinapakita nito.


1. _____



2. _____



3. _____



Aralin 1

Ang Magalang na Pananalita

Sa araling ito ay matutukoy mo ang mga magagalang na mga pananalita na magagamit mo sa inyong sarili, kapwa, sa paaralan man o sa pamayanang iyong kinabibilangan.



Balikan

Basahin at unawain ang isinasaad ng bawat pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Nabasag mo ang plorera sa inyong bahay, ano ang sasabihin mo sa iyong mga magulang?
 - a. Pasensiya na po, hindi ko po sinasadya.
 - b. Hindi ko alam kung sino nakabasag niyan?
 - c. Bahala kayo riyan.
2. Bumisita ang lolo at lola mo sa inyong bahay, ano ang gagawin mo?
 - a. Palayasin sila agad.
 - b. Magmano at papasukin sila.
 - c. Huwag silang kausapin.

3. Binigyan ka ng regalo ng ninang mo. Ano ang sasabihin mo sa kanya?
 - a. Ito lang ang ibibigay mo.
 - b. Ayoko ng regalo mo.
 - c. Maraming salamat po ninang sa regalo.



Tuklasin

Basahin ang tula ng may damdamin at paggalang at pagkatapos ay lapatan ng sariling aksyon.

Ang Batang Magalang

ni: Ronald L. Bacani

Simula noong kami ay bata pa lamang
Magulang natin ang nagturong gumalang
Kaya nararapat lamang ito'y isaalang-alang
Sa paglaki mo sila ang iyong naging katuwang.
Pagsabi ng po at opo ay kanilang itinuro
Sa mga bata na handa ng pang matuto
Magagamit ninyo ito saan mang dako
Huwag ninyo sanang hayaang ito ay maglaho.

Mga bata sa ngayon ay kinalulugdan
Kaya dapat lamang na sila ay tularan
Humingi ng paumanhin sa kasalanan
Walang pinipili, bata o matanda pa man.



Suriin


Magalang na Pananalita

Ang magagalang na pananalita ay mga salitang ginagamit sa pakikipag-usap sa mga nakatatanda bilang pagbibigay galang o respeto.

Ang natatanging kilos at ugali ay itinuro sa atin ng ating mga magulang.

Mga Magalang na Pananalita

Magalang na Pananalita	Halimbawa
Pagbati	Magandang umaga po!
Paghingi ng paumanhin	“Humihingi po ako ng tawad sa nagawa kong kasalanan.”
Pagtanggap ng Paumanhin	“Tuloy po kayo sa aming munting paaralan.”
Paghingi ng pahintulot at Pakiusap	“Pasensiya na po at ngayon lang kami nakarating.”
Pagpapakilala	Ako po si Vic, kaibigan ng anak ninyo.”



Pagyamanin

Basahin Mo Ako!

Mga Magalang na Pananalita

1. Makikiraan po.
2. Walang anuman.
3. Maraming salamat.
4. Binabati kita.
5. Maaari po bang lumabas?

Pumili ng tatlong (3) magalang na pananalita sa kahon na nasa itaas at gamitin ito sa pangungusap. Isulat ang sagot sa isang malinis na papel.

1. _____

2. _____

3. _____



Isaisip

1. Ang pagiging magalang ay ang pagbibigay ng respeto sa mga nakatatanda.
2. Ang pagmamano at pagsasabi ng “po” at “opo” ay nakaugalian at naging bahagi na ng kulturang ating nakagisnan at tanda ito ng pagkamagalang.
3. Mahalagang maalala at magamit ang magalang na pananalita sa pang araw-araw na pakikipag-usap.
4. Maaaring simulan ito sa tahanan, paaralan at maging sa komunidad.



Isagawa

Panuto: Sagutin ito sa papel. Iguhit ang masayang mukha 😊 kung ito ay nagpapakita ng magalang na pananalita at malungkot na mukha ☹️ kung hindi.

1. Pakiabot ang aking bag.
2. Bilisan mong tumayo.
3. Magandang umaga.
4. Makiraan po.
5. Alis diyan lalabas ako!



Tayahin

Panuto: Gumuhit ng tsek ()kung c✓} mga larawan ay nagpapakita ng magalang na pananalita at ekis (X) naman kapag hindi. Gawin ito sa sagutang papel.


1. _____




3. _____



4. _____



5. _____





Karagdagang Gawain

Kopyahin ang mga magalang na pananalita na ginamit sa bawat pahayag sa sagutang papel.

1. “Magandang umaga po Bb. Perez”, wika ni Gina.
2. “Maraming salamat po sa regalo,” sambit ni Julia.
3. Ano po ang pangalan mo?, ang tanong ni Gil.
4. “Opo, Inay!”, ang magalang na tugon ni Marilyn.
5. “Maligayang kaarawan Arnold”, ang bati ni Ella.



Susisa Pagwawasto

Balikan

1. a
2. b
3. c

Isagawa

1.

2.

3.

4.

5.

Tayahin

1.

2.

3.

4.

5.

Karagdagang
Gawain.

1. Magandang
umagapo.
2. Maraming
salamatpo.
3. Anopoang
pangalan
mo?
4. Opo, Inay!
5. Maligayang
kaarawan.

Sanggunian

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph